# Ang mga Pinabayaan

Mark Anthony S. Salvador

## SAPAGKAT INIIPIT PARA HINDI MAKAPAMASADA

i.

Usok ma'y anong itim,
malinaw pa rin sa 'min.
Ginagamit ang COVID
para i-phaseout ang dyip.

ii.

Ang budhi'y kulay-langis.
Gustong i-phase-out ang dyip.
Sa "modernong" kapalit,
tatabo'ng mga ganid.

iii.

Di na ugong-makina,
naririnig n'ya t'wina.
Atungal ng bituka
at hikbi ng asawa.

iv.

Walang pangkai't b'yahe.
Parang dyip sa garahe.
'Tong bawat araw nila,
hindi makaabante.

v.

Dati'y kalyo sa palad
sa laging pagpasada.
Ngayo'y bubog sa mata,
sa kawalang-pag-asa.

vi.

Wala nang maihain.
Muling mamamalimos.
Itong gobyernong ganid,
ginawa kang busabos.

vii.

Kung kayang magsalita
ng mga pamasada,
ang sigaw ng busina:
"Duterte, anti-masa!"

viii.

Pag nabutas ang gulong,
wala nang b'yahe't kita.
Ngayo'y butas bituka,
kelangang makibaka.

## PINABAYAAN

Estranghero sa akin
ang gayak ng kalsada.
Walang nagmamadaling mga paa,
mangilan-ngilan lang ang pares
ng mapanglaw na mata,
at halos lahat ay may suot na
puti at munting maskara.
Sa tabi ng esterong hinihigan,
napagtagni-tagni ko ang salaysay
mula sa takot na nabibitiwan
mula sa himutok na nailalaglag
ng mga dumaraang bagsak ang balikat,
parang mga barya, isa-isa kong
ihinulog sa nakangangang lata.
Saklot daw ng epidemya ang siyudad,
at nasa pangil ng takot ang lahat:
ang magulang ng mga mag-aaral,
ang ina ng mga paslit,
ang anak ng mahihina nang matanda,
ang ginang ng manggagawa,

ang ama ng empleyado ng pagamutan,
ang masang kailanman
hindi lang sariling kaligtasan
ang ikinababagabag.
Ikinukulong ang mga bata sa tahanan,
dinurumog ng mga matanda ang tindahan.

Saklot ng takot ang lungsod.
At heto akong araw-araw na nag-aapuhap
ng kaligtasan,
akong estranghero sa kalinisan,
akong hindi nakakikilala
sa lusog ng katawan,
ang pinamanhid ng kada araw na laban
at muling iniwan.

## AYUDA

Hindi namin hangad
sumuway sa atas
ng pabaya't inutil sa itaas.
Ngunit mayroon ding atas
ang labaha sa bituka,
nagbabantang patirin aming hininga.
Sino kaming pinabayaan
para sumuway?
Sino kaming walang panlaban
para magkulong sa bahay
at maghintay sa kawalang-katiyakan?
Nakakatakot ang kuko ng pandemya
at batuta at gatilyo ng pasista.
Ngunit hindi marunong maghintay
ang labaha sa bituka.
Sa bawat araw na lumilipas,
itong katinuan
ang dahan-dahan
niyang sinusugatan.